

O HESUS, HILUMIN MO

Koro: O Hesus, hilumin mo, aking sugatang puso
Nang aking mahango kapwa kong kasing bigo.

1. Hapis at pait, iyong patamisín
At hagkan ang sakit nang magningas ang rikit.
2. Aking sugatang diwa't katawan
Ay gawing daan ng 'yong kaligtasan.

PANGWAKAS NA AWIT

PAPURI AT PASASALAMAT (*Honrada*)
(*Magsiawit sa Panginoon p. 65*)

Koro: O Panginoon ko
buong puso kitang pasasalamatan
ang kahanga-hangang ginawa mo Yahweh
aking isasaysay dahilan sa 'yo
ako'y aawit ng may kagalakan
pupurihin kita sa aking awit
Panginoong kataastaasan.

1. Pupurihin kita aawitang may galak
puspos ka ng katarungan dakila ka sa lahat.

HUMAYO'T IHAYAG
(Francisco-Go-Catalan)
(mula sa The Best of Bukas-Palad One album
and songbook)

Humayo't ihayag (purihin Siya)
At ating ibunyag (awitan Siya)
Pagliligtas ng Diyos na sa krus ni Hesus
Anf siyang sa mundo'y tumubos.
Koro:
Langit at lupa, siya'y papurihan
Araw at tala, siya'y parangalan
Ating 'pagdiwang pag-ibig ng Diyos sa tanan!
Aleluya!

At isigaw sa lahat, kalinga Niya'y wagas
Kayong dukha't salat
Pag-ibig Niya sa inyo ay tapat. (Koro)

ABA, GINOONG MARIA
(*Fr. Cenon Bernabe*)

Aba, ginoong Maria
Puno ka ng grasya
Ang Pangino'y sumasaiyo
Bukod kang pinagpala sa babaeng
lahat
At pinagpala naman ang Anak mong
si Jeus

Santa Maria Ina ng Diyos,
ipanalangin mo kaming maka-
salanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay
Amen.

TAMBULI NG PANGINOON

Koro: Tambuli ng Panginoon lagi
nating pakinggan
Sinuman at saanman lahat tayo'y
magmahalan.
1. Lahat tayo ngayon ay maligaya
sa pagpupuri sa ating Ama
Tinanggap nati'y buhay at pag-
mamahal na sa puso'y bubukal.

Mga awit sa MALIIT NA MISAL 2005 TAON A
AUGUST 7,14,21,28

DCLM
musika ng malolos

Diocesan Committee on Liturgical Music, Diocese of Malolos

PAMBUNGAD NA AWIT

DIYOS AWITAN

Koro: Diyos awitan nating lahat siya'y parangalan

1. Kilalanin ang Manlilikha
Siya'y ating Ama Tayo'y anak N'ya.
2. Paglingkuran ang Panginoon
Galak ng puso'y ating ihayag.

PURIHIN ANG PANGINOON
(*Isidro-Ramirez*)

Koro: Purihin ang Panginoon umawit ng kagalakan
At tugtugin ang gitara at ang kaaya-ayang lira.
Hipan ninyo ang trumpeta.

1. Sa ating pagkabagabag sa Diyos tayo tumawag
Sa ating mga kaaway tayo ay kanyang iniligtas.
2. Ang pasaning mabigat sa 'ting mga balikat
Pinagaan nang lubusan ng Diyos na Tagapagligtas.

INANG MINAMAHAL
(*JMCF-E. Hontiveros*) (*Papuri sa Diyos Songbook p. 92*)

Inang Minamahal, si Jesus sa iyo sinilang
Inang sinisinta, ang Diyos sa 'yo nagpala.
Inang minamahal, kay Jesus kami 'yong ialay
Ilaansa kanyang Kaharian Upang D'yos ay maparangalan
Ilaan sa kanyang Kaharian, upang D'yos ay mapaglingkuran.

Inang minamahal ni Jesus naming Mananakop
Inang sinisinta ng lahat mong mga anak
Nawa'y ilawan mo ang landas naming tatahakin
Kaligtasan naming at pag-asa: tulong ng iyong panalangin
Sa harap ng aming kamatayan, O Ina, kami 'yong aliwin.

AWIT SA PAG-AALAY**BUHAY PAGMAMAHAL**

Koro; Buhay pagmamahal alak at tinapay
Sanay tanggapin mo amang mapagmahal.

1. Ngayon sa yng hapag kami'y nag-aalay
Alak at tinapay alay ng yong bayan. (koro)
2. Buhay pag-iisip kalulwa't katawan
Ang lahat-lahat na, taglay nitongbuhay. (koro)

UNANG ALAY
(Fr. Rey Magnaye)

Koro: Kunin at tanggapin ang alay na ito
mga biyayang nagmula sa pagpapala mo
tanda ng bawat pusong 'pagkat inibig Mo
ngayo'y nananalig, nagmamahal sa yo.

1. Tinapay na nagmula sa butil ng trigo
pagkaing nagbibigay ng buhay mo
at alak na nagmula sa isang tangkay ng ubas
inuming nagbibigay lakas.
2. Lahat ng mga lungkot ligaya't pagsubok
lahat ng lakas at kahinaan ko
Ialay kong lahat buong pagkatao
ito ay isusunod sa 'yo.

ANG KADAKILAAN NG DIYOS
(Lucio D. San Pedro)

Koro: Ang kadakilaan ng Diyos ko at Hari
aking ihahayag.
Di ko titigilan, di ko titigilan
magpakailanman ang magpasalamat.

Aking pupurihin at pasasalamatan
Siya araw araw
Di ako titigil ng pasasalamat
magpakailanman.

AWIT SA PAKIKINABANG

PAGBABALIK-LOOB
(Fr. Rhey Mangulabnan)

1. Nalunod ako sa ganda ng mundo
puso'y nabulag sa yaman nito
di ko makita ang kaliwanagang
dulot ng 'sang buhay na banal
 2. Mundo ko'y gulong-gulo
sa takbo ng buhay ako'y pagod na at nagdurusa
sino ang susundin ng aking damdamin,
O Hesus na nag-alay ng buhay na banal?
- Koro: Bigyan mo ako ng pagkakataong
ialay ang aking pagbabago
buhay na dakila ito ang hiling ko
sabihin mo lamang at susunod ako.
3. Nagliwanag sa akin ang nakaraan
buhay ginugol saa tukso ng layaw
kamay ng Dyos ang nagsilbing gabay
ng puso't isipan kay tagal nang nalinlang.
(koro 2x)
- end: Sabihin mo lamang sabihin mo lamang
sabihin mo lamang at susunod ako.

PAG-IBIG PATAWAD
(Valcos)
(mula sa Magpuri sa Panginoon songbook p. 45)

- Sa 'yong harapan hwag mong siphayuin
Koro: Sang pusong tapat sa 'kin ay likhain
Bigyan mo O Dyos ng bagong damdamin
Sa yong harapan hwag mong siphayuin
Espiritu Mo ang paghariin.
1. Ingatan ako O Dyos kong Manunubos
Kahabagan at ako ay ibangon
Dungis ng budhi hugasa't linisin
Pag-ibig patawad samo ko'y dinggin (koro)
 2. Kasalanan ko'y iyo nang kalimutan
Pawiin mo ang abang kahinaan
Sa 'yo lamang nagkamaling tunay
Pag-ibig patawad samo'y pakinggan. (koro)

NO MAS AMOR QUE EL TUYO
(Simon Resurreccion)
(Tagalog translation by a Team of Jesuits)

No mas amor que al tuyo, ioh Corazon Divino
El pueblo Filipino, Te da su Corazon
En templos y en hogares, Te invoque nuestra lengua
Tu reinaras sin mengua, Deapari hasta Jolo.
Ha tiempo que esperamos, Tu imperio en el oriente
La fede Filipinas, Es como el sol ardiente
Como la roca firme, In mensa como el mar
La iniquidad no puede, Ser de estas isles duena
Queizada en nuestros mertes, Tu cerlestial ensena
Las puertas infierno, No prevaleceran.

Walang higit na pag-ibig, O Mahal na Puso
Ang baying Pilipino alay sa puso mo
Sa templo sa tahanan, sambit naming ang 'Yong ngalan.
Maghari kang utnay sa Aparri hanggang Jolo.
Malaon na naming pangarap paghahari mo sa Silangan
Pananampalataya nami'y 'singwagas ng araw
Sintatag ng kabundukan sinlawak ng karagatan.
Kailanma'y di pabibihag, bayan mo sa kasalanan
Tanghal sa tanang dako ang banal mong sagisag
Ang sumpa ng karimlam di magtatagumpay.

PAG-IBIG MO AMA

Ang liwanag mo ang sumindak sa dilim
Buong kalangitan nagsaya't nagningning
Kumislap, umindak ang mga bituin
Nalikha ang lahat ng mga lupain
Pag-ibig mo, Ama, ay hated mo sa amin
Malaya't matindi, hindi nagmamaliw
Dinilig sa tuwa ang buong nilikha
Pinuno ng aliw ang aba at ang dukha
Ng pagmamahal binigay mong sadyang
Matupad sa gawa ang 'yong Salita.
Amen.